Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 26, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 166-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 034-T'2007/ KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 04-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG TATLUMPU'T ANIM NA LIBO, ANIMNAMPU'T ANIM NA PISO AT PITUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P36,066.75).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 034-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P36,066.75;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para Clean and Green (P21,066.75) at Pamaskong Handog sa Indigent Families (P15,000.00) ay magmumula sa Balanseng walang Pinaglalaanan ng barangay para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P36,066.75;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Santo Angel Sur ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ramon D. Tan at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 034-T'2007/ Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 04-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P36,066.75.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan